Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

26 Oktubre 2025 | Ika-30 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

LINGGO NG KAMULATAN SA MGA BILANGGO

## ANG KABABAANG LOOB NG MAKASALANANG NAGSISISI



*Lahat tayo ngayo'y pinapagninilay sa kagandahan ng kababaang-loob at kapangitan ng pagmamataas. Mayaman ang Banal na Kasulatan sa mga pahayag at mga halimbawang nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos sa mababababang-loob at kung paano Niyang hinigpitan ang mga palalo't mapagmataas.*

*Sa Mabuting Balita may lalaking nananalangin, "O Diyos, kaawaan mo ako, na isang makasalanan." Sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya, liwanagan nawa tayo ng Diyos upang ating madama na kailangan natin ang pagpapatawad di lamang ng Diyos, kundi ng mga tao ring ating nasaktan. Nawa buong pakumbaba nating hilingin sa Diyos ang Kanyang awa at pagpapatawad.*

*Ngayon, sa pagdiriwang natin ng Linggo para sa Kamalayan sa Kalagayan ng mga Bilanggo, ipagkatiwala natin sa Diyos ang ating mga kapatid sa bilangguan na hinahatulan at hinuhusgahan ng ating lipunan. Sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya, hilingin natin sa Diyos naipakita sa kanila ang kanyang pagmamahal upang matanto nila ang pangangailangan nila hindi lamang sa Diyos kundi maging sa mga taong nasaktan nila. Dalangin din natin na ating matamo ang biyaya na makapakinig ng mabuti sa mga kuwento ng mga nakabilanggo, at upang mabigyan ng tamang pagtugon sa kanilang mga suliraning kinakaharap. Atin ring ipanalangin ang mga miyembro ng **"correctional community"**upang tulungan tayong lahat na dumulog sa Diyos tungo sa kabutihan ng lahat.*

### PASIMULA

**Pambungad**

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Magdiwang sa Poon natin.**
**Siya ay ating sambahin.**
**Siya ay ating hanapin**
**nang tayo ay palakasin**
**ng mukha niyang maningning.**
***(Sal 105, 3-4)***

**Pagbati**

***P*** –Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo.

***B*** – **At sumaiyo rin.**

**Pagsisisi**

***P*** –Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** –Panginoon, dinirinig mo ang daing ng mga api at mababababang-loob. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Panginoon, hindi mo kinalulugdan ang mga palalo at itinataboy mo silang walang tangan. Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** –Panginoon, ikaw ang pinakadakilang halimbawa ng kababaang-loob at lubos na pananalig sa Ama. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen.**

**Papuri**

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Panalanging Pambungad

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig namin ay iyong dagdagan at gawin mong mahalin namin ang iyong mga kautusan upang sa mga pangako mo kami'y maging dapat makinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa

***Sir 35, 12-14. 16-18***

*Pinaaalalahanan tayo ng matalinong si Sirak na kung nais nating ipagkaloob ng Diyos ang ating kahilingan, dapat natin Siyang paglingkuran nang buong puso't kababaang-loob.*

***L*** **–**Pagbasa mula sa Aklat ni Sirak

**Ang Panginoon ay Diyos ng katarungan, wala siyang itinatanging sinuman. Hindi siya kumikiling kaninuman laban sa mahirap, sa halip, agad niyang dinirinig ang naaapi. Lagi niyang dinirinig ang daing ng ulila, at ang pagsusumamo ng balong nagsasaysay ng nangyari sa kanya.**

**Kinalulugdan ng Diyos ang naglilingkod sa kanya nang buong-puso, ang panalangin nito'y agad nakaaabot sa langit. Ang dalangin ng mapagpakumbaba ay lumalampas sa mga ulap at hindi tumitigil hanggang di dumarating sa kinauukulan, hindi humihinto hanggang di pinapansin ng Kataas-taasan, at iginagawad ang katarungan sa nasa katuwiran.**

Ang Salita ng Diyos.

***B*** **– Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan

*(Sal 33, 2-3. 17-18. 19 at 23)*

***B*** **–*Dukhang sa D'yos tumatawag ay kanyang inililigtas.***

*R. M. Velez*




*** Panginoo'y aking laging pupurihin sa pasasalamat di ako titigil. Aking pupurihin kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa! *B.***

*** Nililipol niya yaong masasama hanggang sa mapawi sa isip ng madla. Agad dinirinig daing ng matuwid, inililigtas sila sa mga panganib. *B.***

*** Tumutulong siya sa nasisiphayo, ang walang pag-asa'y hindi binibigo. Mga lingkod niya'y kanyang ililigtas, sa napakukupkop, siyang lumilingap. *B.***

### Ikalawang Pagbasa

***2 Tim 4, 6-8. 16-18***

*Nakakulong si San Pablo at nakikini-kinita na niya ang kanyang kamatayan. Bilang matatag na misyonerong naglingkod nang tapat alang-alang sa Mabuting Balita, siya ngayo'y tumatanaw sa gantimpalang inilalaan ng Diyos para sa Kanyang mga tapat na lingkod.*

***L*** **–**Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Pinakamamahal ko: Ako'y iaalay na; dumating na ang oras ng pagpanaw ko sa buhay na ito: Puspusan akong lumaban sa paligsahan. Natapos ko na ang dapat kong takbuhin. Nanatili akong tapat sa pananampalataya. Kakamtan ko na ang korona ng pagtatagumpay. At sa Araw na yaon, ang Panginoon na siyang makatarungang hukom, ang magpuputong sa akin ng korona, hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa muli niyang pagparito.**

**Walang sumama sa akin nang una akong humarap sa hukuman. Pinabayaan nila akong mag-isa. Patawarin nawa sila ng Diyos.**

**Ngunit pinatnubayan ako ng Panginoon at binigyan ng lakas upang maipahayag sa mga Hentil ang salita; naligtas ako sa tiyak na kapahamakan. Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin sa kanyang kaharian sa langit. Purihin nawa siya magpakailanman! Amen.**

Ang Salita ng Diyos.

***B*** **– Salamat sa Diyos.**

### Aleluya *2 Cor 5, 19*

***B*** **–Aleluya! Aleluya!**
**Pinagkasundo ni Kristo**
**ang Diyos at mga tao;**
**kaya't napatawad tayo.**
**Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita *Lu 18, 9-14*

*Sa maikling talinghagang ito tungkol sa Pariseo at sa kolektor ng buwis, ikinikintal sa atin ni Hesus na ang pagpapakumbaba ay pangunahing kundisyon para natin matamo ang pagpapatawad at kasiyahan ng Diyos. Sa kabilang dako, pagmamataas ang pumipigil sa pagkakaloob sa atin ng Diyos ng Kanyang maawaing pag-ibig.*

***P*** **–** Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

***P*** **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B*** **– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus ang talinghagang ito sa mga taong ang tingin sa sarili'y matuwid at humahamak naman sa iba.**

**"May dalawang lalaking pumanhik sa templo upang manalangin: ang isa'y Pariseo at ang isa nama'y publikano. Tumindig ang Pariseo at pabulong na nanalangin ng ganito: 'O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo 'pagkat hindi ako katulad ng iba – mga magnanakaw,**

**mga magdaraya, mga mangangalunya – o kaya'y katulad ng publikanong ito. Makalawa akong nag-aayuno sa loob ng sanlinggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinikita.' Samantala, ang publikano'y nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit, kundi dinadagukan ang kanyang dibdib, at sinasabi: 'O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!'**

**Sinasabi ko sa inyo: ang lalaking ito'y umuwing kinalulugdan ng Diyos, ngunit hindi ang isa. Sapagkat ang sinumang nagpapakataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B*** **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*** **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

***P*** **–**Di man tayo karapat-dapat ngunit pinasisigla ng dakilang pag-ibig ng Diyos, pakumbaba nating idulog sa Kanya ang mga kahilingan ng sangkatauhan, lalo na ng mga misyonero:

***B*** **– Mapagmahal na Ama, kaawaan Mo kami.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, pari, at relihiyoso: makita nawa nila ang patuloy na pangangailangan ng Simbahang magpatotoo kay Kristong mahabagin, na nagsilbing tagapagamagitan natin sa Ama. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga pinuno ng mga bansa: tugunan nawa nila nang buong dunong at kababaang-loob ang krisis na bunga ng pagiging makasarili, at makilala nawa nila ang kanilang mga sariling pagkukulang at kapabayaan. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga pinuno ng ating pamahalaan at hukbong sandatahan, na kinasasalalayan ng kinabukasan ng mga bansa: nawa'y umiwas sila sa karahasan at magpasiya para sa kabutihan ng pamayanan. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng nagsisikap para sa katarungan at kapayapaan sa ating bayan at sa iba pang bahagi ng mundo: nawa'y makatagpo sila sa mga pamayanang Kristiyano ng nararapat na tulong. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** **–**Panginoon, malaking dihamak ang Iyong pag-ibig sa amin kaysa aming pagkakasala. Ipagkaloob Mo nawa sa amin ang kababaang-loob na makilala ang aming mga pagkukulang at pangangailangan sa Iyong awa't pagpapatawad. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B*** **– Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo . . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–**Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay na aming inihahain sa iyong kadakilaan upang ang paglilingkod na aming ginagampanan ay humantong sa iyong lalong ikadarangal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

## Prepasyo II

***P*** **–**Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

***P*** **–**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B*** **–Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** **–**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

## Pagbubunyi

***B*** **–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** **–** Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Magiging kaligayahang
aming pakikinabangan
ang iyong pagtatagumpay.
Panginoon, ang 'yong ngalan
ay aming papupurihan.**

*(Sal 20, 5)*

### Panalangin Pagkapakinabang

***P* –** Ama naming mapagmahal, maging lubos nawa ang aming pakikinabang sa tinanggap namin sa piging mong banal upang ang aming ginaganap nang lantaran ay siyang aming makamtang tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

## PAGWAWAKAS


***P* –** Sumainyo ang Panginoon.
***B* – At sumaiyo rin.**

***P* –** Pagpalain nawa kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* – Amen.**

***P* –** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* – Salamat sa Diyos.**










WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# LUMALAMPAS SA MGA ULAP!

*Kalakbay at Katoto*

**Karanasan nating lahat ang magdaan sa unos, mabasa sa ulan, at mahamugan sa karimlan**. Kapag tag-ulan, ang hanap natin ay mainit na sabaw, pagkaing nakapagbibigay-init sa kalamnan, at humahagod sa katawan at kaloobang dumaan sa pagsubok at paghihirap.

Isa sa hindi ko malimutang karanasan sa pagkabata ay ang walang kapagurang paghagod ng likod ng Lola ko tuwing ako ay may sakit. Bukod sa paghagod sa masasakit na kalamnan, iyon lamang ang pagkakataong pumupunta sa tindahan sa kanto ang lola – upang bumili ng Royal Tru-orange … walang masyadong halaga, walang masasabing anumang bisa, nguni't tagos sa kalamnan at puso ang pagmamahal na lubha kong kinakailangan kung masakit ang ulo at katawan, at nag-aapoy sa lagnat!

**Nais kong isipin na hagod ng puso at kaluluwa ang pahayag ni Sirac sa unang pagbasa**. Matapos ang patong-patong at sunod-sunod na pagbagyo sa bayan natin … matapos ang susunsusong mga suliranin na ating hinarap, hagod ng kaluluwa at puso ang hanap natin.

**Ito ang hagod ng magandang balita para sa atin sa araw na ito**. *"Lagi niyang dinirinig ang daing ng ulila, at ang pagsusumamo ng balong nagsasaysay ng nangyari sa kaniya."*

**Kailan ang huling pagkakataong ikaw ay "nagsaysay" sa Diyos?** Kailan ang huling pagkakataon na nakapagsumbong, ika nga, tayo sa Panginoon? Ewan ko sa inyo, pero marami tayong dapat isaysay sa Kaniya. Marami tayong mga panimdim, mga kahilingan, mga kagustuhan, at mga bagay na hindi dapat kay Tulfo isumbong.

**May bahid ng kalungkutan ang mga pagbasa, lalu na ang ikalawa**. Sa sulat ni Pablo kay Timoteo, malungkot ang binabanggit na paglisan ni Pablo. Nguni't ang kabilang mukha ng kalungkutan ay kagalakan. Ang kabilang pisngi ng paglisan ay ang gantimpala para sa isang naging tapat sa Diyos. Ang kabilang bahagi ng larawan ng paglisan ni Pablo ay ang magandang balitang naghihintay sa lahat ng tapat sa Diyos: *"Ang Panginoon ang siyang magpuputong sa akin ng korona, hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa muli niyang pagparito."*

**Subali't tingnan sandali kung sino ang karapat-dapat sa tender loving care na ito o hagod na mapagmahal ng Diyos!** … Nagkakatugma ang dalawang naunang pagbasa: *"ang naglilingkod sa Kaniya nang buong puso," "ang mapagpakumbaba,"* hindi ang Pariseo na sigurado na sa kanyang sarili, bagkus ang publikanong mababa ang turing sa sarili, nguni't tumanggap sa kanyang pagkakamali at kahinaan.

**Sila, hindi ang palalo at mayabang, ang tumatagos sa puso ng Diyos. Ang kanilang dalangin ang *"lumalampas sa mga ulap at hindi tumitigil hanggang di dumarating sa kinauukulan."***

**May aral sa bawa't isa sa atin ang mga pagbasa**. May tama tayong lahat dito. Sino sa atin ang hindi nagmalabis sa buhay natin? Sino sa atin ang hindi napadala sa hambog at yabang? Sino sa atin ang hindi makuhang tumanggap ng pagkakamali sa ilang pagkakataon sa tanang buhay natin? Sino sa atin ang hindi nakapagmalabis at nakapagyabang sa harapan ng mga taong kayanan natin? Ilan sa atin ang nagmalabis sa paggamit ng titulo, ng wangwang, ng plaka ng sasakyan, at nahirati sa paghahawi ng mga simpleng taong walang kilala sa gobyerno at walang kaya sa lipunan?

**May Pariseo sa puso ng bawa't isa sa atin**. May Pariseong mapag-kutya, mapagmata, at mapagmalabis sa lahat ng tao, kabilang tayong lahat. Ang panalangin ng mga ito ay "hindi lumalampas sa mga ulap" at hindi makahahagod ng puso at kalamnan.

Ang Royal tru-orange na bigay ng lola ko noong bata ako at maysakit, ay walang tunay na halaga at bisa. Pero may "tender loving care." Humahagod, nanunuot sa puso, at nakapagpapagaling.

**Ito ang panalangin ng mga taong nagpapakumbaba, nagsasaysay, o sabihin na nating nagsusumbong sa Diyos … lumalampas sa mga ulap!** Tayo na't magsaysay sa Diyos, mag-ulat at magsumbong. **Lagi niyang dinirinig ang daing ng ulila at busabos … tulad nating lahat, dito sa lupang bayang kahapis-hapis!**